

**MAY MGA PERTINENTENG REKORD ANG NAGBEBENTA**

Tinataya sa katampatang 24 minuto para sa bawat Bumibili at ang Broker ang **pasanin ng pag-uulat sa publiko**, kasama ang oras ng pagsusuri sa mga tagubilin, pagsaliksik ng umiiral na mga mapagkukunan ng data. Pangangalap at pagpapanatili ng mga datos na kailangan, at pagkumpleto at pagsusuri sa koleksyon ng impormasyon. Maaaring ipadala ang mga komento tungkol sa katumpakan ng pagtatantya ng pasanin na ito at anumang mga mungkahi para sa pagbabawas ng pasanin na ito sa Opisyal ng Pamamahala sa mga Ulat, REE, Departamento ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod, 451 7th St SW, Room 4176, Washington, DC 20410-5000. Kapag nagbibigay ng mga komento, mangyaring sumangguni sa Num. ng Pag-apruba ng OMB 2502-0306. Kinakailangan ang impormasyong ito para makuha ang mga benepisyo. Maaring hindi kolektahin ng HUD ang impormasyong ito, at hinid mo kailangang kumpletuhin ang form na ito, maliban kung nagpapakita ito ng kasalukuyang balido na control number ng OMB. Kinakailangan ang impormasyong ito upang pangasiwaan ang Panuntunan sa Pagsisiwalat ng Lead ng HUD o HUD Lead Disclosure Rule (24 CFR Bahagi 35). Kung hindi kokolektahin ang impormasyong ito, hindi mapapangasiwaan ng HUD ang Programang Disposisyon sa Pagbebenta ng Ari-arian (Property Disposition Sales Program) nang maayos upang maiwasan ang pagsayang, maling pamamahala, at pang-aabuso. Pananatilihin ang impormasyon ng Departamento bilang bahagi ng rekord ng transaksyon para sa isang aksyon sa disposisyon ng ari-arian. Maaaring makaapekto ang pagkabisigang ibigay ang impormasyong ito sa iyong paglahok sa programang HUD Homes. Hindi gagawing kumpidensyal ang mga tugon.

**Babala:** Isang mabigat na kasalanan ang pamemeke ng impormasyon tungkol dito o anumang iba pang anyo ng Departamento. Ito ay mapaparusahan ng multa na hindi hihigit sa \$250,000 at/o hatol ng pagkabilanggong hindi hihigit sa dalawang taon. Maaaring magresulta ang pagkabisigang sumunod sa mga kinakailangan sa paninirahan at muling pagbebenta sa mga parusang pang-administratibo laban sa bumibili.

**Paunawa sa Batas ng Pagkapribado:** Ang Departamento ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod ng Estados Unidos, Pederal na Pangasiwaan ng Pabahay, ay awtorisado na humingi ng impormasyong hiniling sa form sa bisa ng Title 12, Code ng Estados Unidos, Seksyon 1701 et seq., at mga regulasyong ipinahayag sa ilalim nito sa Title 12, Code ng mga Regulasyong Pederal. Walang katiyakan ng pagiging kumpidensyal ang ipinangako sa mga sumasagot.

**ADDENDUM SA PAGESISIWALAT NG LEAD-BASE NA PINTURA**

**MAY MGA REKORD O ULAT ANG NAGBEBENTA NA NAUUKOL SA LEAD-BASED NA PINTURA AT/O  
MGA PANGANIB NG LEAD-BASED NA PINTURA**

# ng Kaso ng Ari-arian: \_\_\_\_\_

Address ng Ari-arian: \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**Pahayag ng Babala sa Lead**

Ang bawat Bumibili ng anumang interes sa tirahang ari-arian kung saan ang itinayo ang tirahan bago ang 1978 ay inaabisuhan na ang naturang ari-arian ay maaaring magpakita ng pagkakalantad sa lead mula sa lead-based na pintura na maaaring maglagay sa mga bata sa panganib na magkaroon ng pagkalason sa lead. Maaaring magdulot ang lead poisoning sa mga bata ng permanenteng neurological na pinsala, kabilang ang mga kapansanan sa pag-aaral, pagbaba ng intelligence quotient, mga problema sa pag-uugali, at kapansanan sa memorya. Nagdulot din ang lead poisoning ng partikular na peligro sa mga buntis na kababaihan. Ang Nagbebenta ng anumang interes sa tirahang ari-arian ay kinakailangang magbigay sa Bumibili ng anumang impormasyon tungkol sa mga panganib sa lead-based na pintura mula sa mga pagtatasa ng peligro o mga inspeksyon sa pagmamay-ari ng Nagbebenta at abisuhan ang Bumibili ng anumang kilalang panganib sa lead-based na pintura. Inirerekomenda bago ng pagbili ang pagtatasa ng peligro o inspeksyon para sa mga posibleng panganib sa lead-based na pintura.

**Pagkilala ng Nagbebenta at Contingency Period**

Magagamit ang mga rekord at ulat at iba pang impormasyon para sa pag-download at pagsusuri mula sa website ng listahan ng ari-arian, at ibinigay sa Bumibili ang mga kopya. May contingency period ang bumibili upang mag-withdraw mula sa kontrata na mag-e-expire ng labinlimang (15) araw ng kalendaryo mula sa petsang pagtanggap ng HUD sa kontrata. Dahil nagkaroon ng access sa mga rekord ng lead at mga ulat bago isumite ng Bumibili ang bid nito, maaaring umatras ang Bumibili mula sa kontrata ng pagbili sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakasulat na abiso ng pag-withdraw sa o bago ang contingency na petsa ng pag-expire (tulad ng pinatutunayan ng postmark sa paunawa ng abiso sa pag-withdraw ng-bumibili), ngunit hindi karapat-dapat sa refund ng earnest money, maliban kung nakakuha ang Bumibili ng independiyenteng lead-based na inspeksyon sa pintura na isinagawa ng Sertipikadong Inspektor ng Lead-Based na Pintura o Tagatasa ng Peligro at nagbibigay ang Bumibili ng kopya ng ulat ng inspeksyon sa HUD.

Ang mga natuklasan ng mga rekord o ulat na ibinigay ng HUD ay ang mga sumusunod:

\_\_\_\_\_ Walang nakitang lead-based na pintura o lead-based na mga panganib sa pintura.

\_\_\_\_\_ Natagpuan ang mga lead-based na pintura at/o panganib sa lead-based na pintura. Wala sa lead-based na pintura ang nasira.

\_\_\_\_\_ Natagpuan ang mga lead-based na pintura at/o panganib sa lead-based na pintura. Nasira ang ilan sa mga lead-based na pintura at nakumpleto na ng Nagbebenta ang kinakailangang estabilisasyon. Ang plano sa estabilisasyon ng lead-based na pintura at ang ulat sa clearance ng lead na nagpapakitang natutugunan ang mga katanggap-tanggap na antas ay magagamit para sa pag-download mula sa website ng listahan ng ari-arian, at ibinigay sa Bumibili bilang pinatutunayan ng (mga)lagda sa ibaba. Walang nakaplano na karagdagang estabilisasyon.

\_\_\_\_\_ Natagpuan ang mga lead-based na pintura at/o panganib sa lead-based na pintura. Nasira ang ilan sa mga leadbased na pintura. Ginawa ng nagbebenta ang paghahanda ng isang plano sa estabilisasyon ng lead-based na pintura na magagamit para sa pag-download mula sa website ng listahan ng ari-arian, at ibinigay sa Bumibili bilang pinatutunayan ng (mga)lagda sa ibaba.

### **Uri ng Financing (Nagbebentang Broker sa inisyal na naaangkop na item)**

\_\_\_\_\_ Walang Financing ng FHA sa pre-1978: Hindi kukumpletuhin ng Nagbebenta ang anumang karagdagang inspeksyon, pagsubok o clearance kapag hindi pinondohan ng isang nakaseguro sa FHA na loan ang pagbili ng ari-arian na ito. May contingency period ang Bumibili na mag-e-expire ng labinlimang (15) araw mula sa petsang tinanggap ng HUD ang kontrata upang suriin ang mga ulat na ibinigay ng Nagbebenta at magsagawa ng pagsisiyasat na inspeksyon o pagtatasa.

\_\_\_\_\_ Anumang Financing ng FHA Maliban sa 203(k): Ibinebenta ang ari-arian na ito na napapailalim sa financing na nakaseguro sa FHA sa ilalim ng isang programa maliban sa 203(k) na Rehabilitasyong Sangla at, gaya ng isiniwalat sa itaas ng Nagbebenta, nakita ang nasirang lead-based na pintura. Kung hindi pa ito nagagawa ng Nagbebenta, sumasang-ayon ang Nagbebenta na i-stabilize ang nasirang lead-based na pintura alinsunod sa plano ng stabilization at kumuha ng lead clearance sa pagsasara ng panahon ng escrow o anumang mga ekstensyon nito.

\_\_\_\_\_ Financing ng FHA 203(k): Ibinenta ang ari-arian na ito sa ilalim sa 203(k) na Rehabilitasyong Sangla at, tulad ng isiniwalat sa itaas ng Nagbebenta, nakita ang nasirang lead-based na pintura at hindi pa nakumpleto ng Nagbebenta ang estabilisasyon at clearance. Dapat i-estabilize ng Bumibili ang nasirang lead-based na pintura bilang bahagi ng planong trabaho nito para sa rehabilitasyon ng ari-arian at dapat kumuha ng lead clearance bago ng paninirahan. Dapat kumpletuhin ng mamimili ang 203(k) Rehabilitasyong Financing na Kasunduan sa Lead form na HUD-9548-G.

### **Pagkilala ng Bumibili (inisyal na naaangkop na mga item)**

\_\_\_\_\_ Nakatanggap ang bumibili ng polyetong "Protektahan ang Iyong Pamilya mula sa Lead sa Iyong Tahanan."

\_\_\_\_\_ Nagbigay ang Nagbebenta, at natanggap ng Bumibili, ang mga kopya ng mga rekord at ulat na available sa Nagbebenta. Nakalakup ang listahan ng mga rekord at ulat na nauugnay sa lead.

\_\_\_\_\_ Nakatanggap ang bumibili ng 15-araw na pagkakataon na magsagawa ng inspeksyon sa lead-based na pintura o pagtatasa ng peligro para sa pagkakaroon ng lead-based na pintura at. o mga panganib sa lead-based na pintura.

**Mga Pagkilala ng Nagbebentang Broker (inisyal)**

\_\_\_\_\_ Alam ng Nagbebentang Broker ang kanyang responsibilidad na tiyakin ang pagsunod sa 42 U.S.C. 4852d.

**Sertipiko ng Pagiging Tumpak**

Sinuri ng mga sumusunod na partido ang impormasyon sa itaas at pinatutunayan, sa abot ng kanilang kaalaman, na totoo at tumpak ang impormasyong ibinigay nila.

\_\_\_\_\_ (Bumibili)\_\_\_\_\_, 20 \_\_\_\_ (petsa)  
\_\_\_\_\_ (Kasamang-Bumibili)\_\_\_\_\_, 20 \_\_\_\_ (petsa)  
\_\_\_\_\_ (Nagbebentang Broker)\_\_\_\_\_, 20 \_\_\_\_ (petsa)  
\_\_\_\_\_ (Nagbebenta)\_\_\_\_\_, 20 \_\_\_\_ (petsa)